

LITRATO PINAGKALOOB NG LDS MEDIA LIBRARY

MENSAHE NG AREA PRESIDENCY

# Ang Regalo sa Loob ng Kahon

Kami ng asawa kong si Marcia ay may anim na anak. Noong maliliit pa sila may napansin kaming isang bagay tuwing araw ng Pasko. Kapag binibigyan namin ang maliliit na batang ito ng regalong nakakahon at maganda ang pagkakabalot, na makulay ang balot at may mga laso, masyado silang naaaliw sa balot at kahon kaya hindi sila nagiging interesado sa regalo sa loob nito. Nilalaro nila ang balot at mga laso at ang kahon, at hindi nauunawaan ang halaga ng regalong nasa loob ng kahon. Nang mas matanda at nasa hustong gulang na sila, kapag nakakatanggap sila ng regalo sa Pasko, agad nilang itinatapon ang balot, mga laso at kahon para makuha ang talagang regalo. Naunawaan nila mula sa kanilang karanasan na ang natatangi at pinakamahalagang regalo ay nasa loob ng kahon.

Habang minamasdan ko ang pagdiriwang ng Pasko ng mga bansang Kristiyano sa mundo na may magagandang ilaw, mga regalong nakabalot sa makikintab at makukulay na papel, walang-tigil na pamimili at pagmamadali sa Kapaskuhan, naiisip ko ang mga anak ko noong maliliit pa sila. Tila madali silang maaliw sa makukulay na papel, mga ilaw, laso at kahon, at kung minsa'y hindi nila pinapansin ang natatanging regalong nasa loob nito---na siyang tunay na dahilan kaya natin ipinagdiriwang ang Pasko.

Bilang mga miyembro ng Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw nauunawaan natin na ang natatanging regalong nasa loob ng kahon ay inilarawang mabuti sa Juan 3:16 sa Bagong Tipan, "Sapagka't gayon na lamang ang pagsinta ng Dios sa sanglibutan, na ibinigay niya ang



Ni Elder
Brent H. Nelson
Area President





LITRATO KUHA NI REX CONCEPCION

*Tulad ng pagsapit sa hustong gulang at pag-unawa ng aking mga anak na ang tunay na regalo ay nasa loob ng kahon, kapag nahinog tayo sa ebanghelyo at nakaunawa na tayo, alam natin na naghahatid nga ng kulay at katuwaan sa Kapaskuhan ang magagandang ilaw at makikintab na papel na pambalot, ngunit ang natatanging regalo sa kahon ay ang Anak na si Jesucristo at ang Kanyang Pagbabayad-sala.*

kaniyang bugtong na Anak, upang ang sinomang sa kaniya'y sumampalataya ay huwag mapamahak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan." Ang regalong ibinigay sa atin ng Ama ay ang Kanyang Anak.

Tulad ng pagsapit sa hustong gulang at pag-unawa ng aking mga anak na ang tunay na regalo ay nasa loob ng kahon, kapag nahinog tayo sa ebanghelyo at nakaunawa na tayo, alam natin na naghahatid nga ng kulay at katuwaan sa Kapaskuhan ang magagandang ilaw at makikintab na papel na pambalot, ngunit ang natatanging regalo sa kahon ay ang Anak na si Jesucristo at ang Kanyang Pagbabayad-sala.



LITRATO PINAGKALOOB NG LDS MEDIA LIBRARY

Pinatototohanan ko na si Jesus ang ating Tagapagligtas at ating Manunubos. Walang daan pabalik sa Ama, kundi sa pamamagitan Niya. (Juan 14:6) Kapiling natin Siya sa buhay bago tayo isinilang at nang ilahad sa atin ng Ama ang Kanyang Plano ng Kaligtasan, naging napakalinaw sa atin na tayo ay magkakasala habang narito tayo sa mundo. Nalaman din natin na walang maruming bagay na makababalik sa kinaroroonan ng Ama. (3{nb}Nephi 27:19) Tila imposible ang sitwasyon natin noon. Nais nating pumarito at magkaroon ng katawan. Nais nating maging katulad ng ating Ama, ngunit kung siguradong magkakasala tayo, paano tayo makababalik sa Kanyang kinaroroonan? Itinuro sa atin ng Ama na maglalaan Siya ng isang Tagapagligtas na tutubos sa ating mga kasalanan. Sa malaking kagalakan natin, humarap ang Tagapagligtas at sinabi, "Narito ako, isugo ako." (Abraham 3:27) Pumayag Siyang pumarito at tubusin tayo.

Sa pamamagitan ng Kanyang Walang-Hanggang Pagbabayad-sala at Pagpapako sa Krus, binuksan Niya ang daan para lahat tayo ay malinis mula sa ating mga kasalanan at mapagaling. Para magkabisa ang Kanyang Pagbabayad-sala sa atin, may ilang hakbang tayong kailangang gawin. Inilarawan ng Tagapagligtas ang mga hakbang na iyon bilang, "ang Doktrina ni Cristo." (3 Nephi 11:31-39) Kailangan muna tayong sumampalataya kay Jesucristo. Kailangan tayong magsisi, mabinyagan, at tumanggap ng kaloob na Espiritu Santo. Kapag naisagawa na natin ang mga hakbang na iyon at nakapasok na tayo sa daan, kailangan nating magtiis hanggang wakas. (2{nb}Nephi 31:17-21)

Sa panahong ito ng Kapaskuhan, nawa'y maunawaan natin na inaanyayahan tayo ng Tagapagligtas na lumapit sa Kanya. "Magsiparito sa akin, kayong lahat na nangapapagal at nangabibigatang lubha, at kayo'y aking papagpapahingahin. Pasanin ninyo ang aking pamatok, at magaral kayo sa akin; sapagka't ako'y maamo at mapagpakumbabang puso: at masusumpungan ninyo ang kapahingahan ng inyong mga kaluluwa. Sapagka't malambot ang aking pamatok, at magaan ang aking pasan." (Mateo 11:28-30)

Nawa'y higit pa sa pambalot na papel, at mga laso ang makita natin sa taong ito at tingnan natin ang regalo sa loob ng kahon, ang Tagapagligtas na si Jesucristo at ang kanyang imbitasyong lumapit tayo at makibahagi sa Kanyang Pagbabayad-sala. ■



# Huwag Magpaliban: Dininig ng mga Young Single Adults ang Panawagang Magmadaling Pumasok sa Templo

Ni Eda Brojan Calimlim

Mula Pebrero hanggang Hulyo 2013, siyam na mga young single adult (YSAs) mula sa Quezon City First Ward, Quezon City Stake, ang ikinasal sa templo.

## ISANG NAPAPANAHONG MENSAHE

Sa Area Broadcast noong Enero, isa sa mga mithiin ang nakatuon sa pagpaparami ng bilang ng mga young single adult (YSAs) na ikinakasal sa templo.

Napansin ni Bishop Febian Cacho ng Quezon City First Ward, Quezon City Philippines Stake, na dumarami ang bilang ng mga single adult sa kanilang ward. Ipagpalagay na, paminsan-minsan ay may bumibisitang mga single adult na namamalagi sa ward habang nag-aaral sa kalapit na unibersidad o sa ibang lugar. May pagkakataon nga na 43 mga YSA ang nagsimba.

"Masaya kaming makasama ang mga single adult na ito sa ward namin pero ayaw naming manatili sila sa single adult class. Tamang-tama naman na narinig nila ang mensahe ni Elder Michael John U. Teh noong Enero na isama sa mga mithiin ng area sa taong ito ang dagdagan ang bilang ng mga YSA na ikinakasal sa templo," sabi ni Bishop Cacho.

## PAGTUNGO SA TAMANG DIREKSYON

Nabigyang-inspirasyon ng dumaraming bilang ng mga single adult sa ward, sinimulang bisitahin nang regular ni Bishop Cacho ang mga young single adult sa klase. Dumadalo siya sandali sa klase o kinakausap ang mga YSA bago magsimula ang klase. Itinatanong niya kung bakit hindi pa aktibong naghahanda para sa misyon ang mga nasa edad na o bakit hindi pa siya kinakausap ng mga magkasintahan kung kailan nila planong pakasal sa templo. Isa-isa niya silang inimbitahang mainterbyu at sa oras ng interbyu ay hinihikayat niya ang mga magkasintahan na itakda na ang petsa ng kasal nila sa templo. Kadalasan ay maingat ang ilan sa kanila sa pagtatakda ng petsa dahil takot sila sa kasalukuyang sitwasyon at nag-aalala sa kinabukasan. Para sa kababaihang YSA na nag-aalangang mag-asawa, nagkaroon ng inspirasyon si Bishop Cacho na ipasalaysay sa kanyang asawa ang kuwento ng kanilang pag-iibigan sa mga single adult.

"Nang marinig kong magsalita ang ating mga pinuno na mahalagang huwag ipagpaliban ang pag-aasawa, natiyak ko na tama ang direksyon naming hikayatin ang aming mga YSA na huwag ipagpaliban ang pag-aasawa. Nakatulong ang payo ni Elder Teh sa aming mga YSA para huwag nang ipagpaliban ang kanilang kasal sa templo at nagkaroon ako ng higit na kakayahang tukuyin ang mga alalahanin ng aming mga YSA na humihingi ng payo sa akin," dagdag pa ni Bishop Cacho.

## PAGPUNTA SA TEMPLO

Sina Titus at April Dagny Beriong Literatus at sina Mar Andres III at Alvionne Sebastian Baquiran ay dalawa sa mga magkasintahang YSA sa Quezon City First Ward na nagpasiyang sundin ang payo na huwag nang ipagpaliban ang kanilang kasal sa templo.

Sina Mar at Alvionne Baquiran ay nagkakilala sa Isabela noong nasa high school pa sila. Matagal na silang matalik na magkaibigan at kapwa sila nag-aral ng engineering sa kolehiyo. Kalaunan ay nagmisyon











si Mar at si Alvionne naman, sa kabila ng mga imbitasyong dumalo sa Simbahan, ay hindi pa miyembro nang umalis si Mar. Kalaunan ay dumalo rin siya sa Simbahan, nagkaroon ng patotoo at nabinyagan ni Mar pagbalik niya. Dahil matagal na silang magkakilala at gusto nila ang isa't isa, bahagi na ng kanilang mga plano ang magpakasal pero hindi iyon prayoridad. Kasalukuyang pinepetisyon noon si Mar sa ibang bansa kaya ipinagpaliban nila ang kanilang planong magpakasal. Samantala, pakiramdam naman ng pamilya ni Alvionne ay napakabata pa nito para mag-asawa. Matapos marinig ang mga mensahe sa nakaraang kumperensya ng YSA, bawat isa sa kanila ay nakaramdam na panahon na para mag-asawa. Ayon sa kanila, ang payo ng mga pinuno ng Simbahan kamakailan na huwag ipagpaliban ang kasal sa templo ay malaki ang naging papel sa desisyon nilang magpakasal sa panahong ito at nakatulong din sa kanila na madaig ang anumang pangamba nila. Nang tanungin kung bakit sila nagpasiyang magpakasal sa kabila ng mga posibleng mangyari, sinabi lang ni Mar na iyon ang tamang gawin. Sa kabila ng naunang pagtutol at mga hamon, ikinasal sila sa Manila Philippines Temple noong Mayo 31. Ito ang gustong sabihin nina Mar at Alvionne Baquiran sa mga nag-iisip na nagmadali silang magpakasal, "Kapag nililingon namin kung gaano kami kasaya at pinagpala mula nang makasal kami, naiisip namin na sana nagpakasal kami nang mas maaga."

Noong Hunyo 1, kinabukasan matapos makasal sina Mar at Alvionne, nagpunta rin sina Titus Literatus at April Dagny Beriong sa templo. Ipinakilala sila sa isa't isa ng kapatid na lalaki ni Alvionne noong nakaraang taon at naging magkasintahan sila makaraan ang ilang buwan. Nag-aaral pa sa kolehiyo si Titus, dahil tumigil siya para magmisyon. Samantala, nagsimula naman sa pagtuturo si Dagny. Noong una ay maraming tumutol nang ibalita nila ang plano nilang pakasal, lalo na't nag-aaral pa si Titus. Inalok ng suporta ang magkasintahan para sa kanilang kasal at ng malaking tulong para makapagsimula sila kapalit ng plano nilang pagpapaliban ng kasal hanggang sa makatapos ng pag-aaral si Titus. Nagpakatatag ang magkasintahan at nagpasiyang magpakasal bago nagsimula ang pasukan. Natanggap si Dagny bilang guro sa isang pampublikong paaralan, isang tagumpay na naging katangi-tangi dahil totoong hindi madaling mapermanente bilang guro sa pampublikong paaralan sa napakaikling panahon at matapos masabihan noon na wala nang bakante. Ginabayan siya sa isang tao na nakakaalam na mayroon pang bakanteng posisyon. Ayon sa mag-asawa, dumarating ang mga pagpapala kapag ginawa natin ang unang hakbang at nagpakatatag tayong gawin ang ipinagagawa ng Panginoon at ng Kanyang mga alagad.

Noong Agosto, masaya si Bishop Cacho na nagkaroon ng dalawa pang YSA sa ward na nagpaiskedyul ng kasal sa templo. Pagkatapos nila, dalawa pang single adult ang nakaiskedyul na magpakasal ngayong Disyembre.

## SUMUSULONG ANG GAWAIN

Sa katulad na paraan ng pagpapabilis ng Panginoon sa gawaing misyonero, pinayuhan ng Kanyang mga alagad ang mga YSA na magmadali sa pagpasok sa templo. Nang pakinggan ng mga YSA sa Pilipinas ang kanilang payo at nanalig sa kabila ng pagtutol at mga hamon, sumulong ang gawain ng Panginoon at pinagpala sila dahil doon. At tulad ng mapapatunayan ng mga bagong kasal na ito, ang pagpapakasal sa templo ay isa sa pinakadakilang mga pagpapalang natanggap nila; sana lang daw ay ginawa nila ito nang mas maaga. ■

# "Palalambutin Niya ang Kanilang mga Puso"

Ni Deo M. Divinagracia

Si Tomas dela Cruz, 67, ang elders quorum president ng San Jose 4th Ward sa San Jose Nueva Ecija Philippines Stake. Masigasig niyang ginagampanan ang kanyang mga responsibilidad at dumadalo siya sa mga miting, binyag at training workshop nang walang palya. Tumutulong din siya sa mga miyembro sa welfare program at sa home teaching. Kung mamasdan ang kaabalahan niya sa buhay bilang tapat na Banal sa mga Huling Araw, agad iisipin ng isang tao na noon pa man ay aktibo na siya. Nagugulat silang malaman na ang pagsisimba niya isang araw ng Linggo noong Mayo ng 2012 ang unang pagkakataon niyang magsimba sa loob ng 26 na taon!

Nabinyagan noong 1985 kasama ang apat sa lima niyang anak, hindi na nakasimba si Tomas dela Cruz dahil sa isang trabaho sa construction kung saan kinailangan niyang maglakbay palagi at manatili sa construction site nang matagalan. Tumigil din ang kanyang mga anak sa pagsisimba at masyadong abala ang asawa niyang si Ligaya sa pagiging ama't ina para magpaturo pa tungkol sa Simbahan. Sinikap niyang panatilihin ang kanyang bagong paniniwala sa pagbabasa ng Aklat ni Mormon at iba pang mga materyal ng Simbahan na dinala niya, ngunit dahil walang kahalubilong kapwa Banal sa mga Huling Araw, hindi nagtagal ay naging less active siya at nalayo sa Simbahan sa loob nang halos tatlong dekada.

Sa mga taong iyon na hindi siya nagsisimba, patuloy na dinalaw ng mga miyembro at lider ng priesthood ang pamilya dela Cruz. Naaalala ni Patriarch Romeo Aguinaldo, na dating ward bishop, na binibisita niya si Tomas tuwing nasa bahay ito at walang trabaho. "Noon ko pa alam na malakas ang kanyang patotoo sa Simbahan kaya palagi ko siyang binibisita kahit ayaw pa niyang bumalik sa Simbahan."

Alam ng San Jose 4th Ward Bishop, na si Genaro Salamanca, ang mahalagang tungkulin ng mga kaibigan at fellowshipper. "Maliban kay Patriarch Aguinaldo, nakatulong ang iba pang mga miyembrong gaya nina Manuel Venturina at Rodolfo Nicolas sa muling pagpapaalab ng patotoo ni Tomas. Matapos magsimba noong Mayo, nakipagtulungan siya sa kanyang mga lider ng priesthood at natanggap niya ang Melchizedek Priesthood noong Agosto 25. Nagpunta rin siya sa templo para sa kanyang mga endowment sa araw na iyon. Umaasa siya na hindi magtatagal ay makakasama niya ang kanyang asawa't mga anak sa Simbahan.

"Napag-isipan kong natagpuan na ko ang katotohanan sa Simbahang ito … Handa akong magsakripisyo para sa Panginoon at maglingkod sa iba," pagpapatibay ni Tomas dela Cruz matapos gunitain kung gaano kaganda ang pakiramdam niya sa pagsasagawa ng mga ordenansa sa templo. Sa mga pag-uusap nila ni Bishop Salamanca, muli niyang ikinuwento kung paano niya naiwasan ang mga bisyo at iba pang masasamang ugali noong hindi siya aktibo. Naalala niya ang mga pamantayan ng ebanghelyo; ang kailangan lamang niya noon ay ang pagmamahal at pangangalaga ng mga miyembro ng Simbahan para magbalik ang kanyang espirituwalidad.

Hinihikayat ni Patriarch Aguinaldo ang mga home teacher at visiting teacher na huwag mawalan ng pag-asa kung ayaw pa ring bumalik ang mga tao o pamilyang sinisikap nilang ibalik sa Simbahan sa kabila ng lahat ng pagsisikap nila. "Kailangan ninyo talagang magtiyaga at pag-ukulan sila ng maraming oras. Ipakita ninyong mahal ninyo sila," paliwanag niya. Pinapayuhan tayo ni Bishop Salamanca na maging matatag sa mga pagsisikap nating bisitahin ang kapwa natin mga Banal sa mga Huling Araw. "Huwag mag-atubili o mahiya dahil naglilingkod tayo sa gawain ng Panginoon. Kung gagawin natin ang ating tungkulin, palalambutin Niya ang kanilang puso at aakayin sila pabalik sa Simbahan." ■




LITRATO KUHA NI GENARO SALAMANCA

*Sa mga pag-uusap nila ni Bishop Salamanca, muli niyang ikinuwento kung paano niya naiwasan ang mga bisyo at iba pang masasamang ugali noong hindi siya aktibo. Naalala niya ang mga pamantayan ng ebanghelyo; ang kailangan lamang niya noon ay ang pagmamahal at pangangalaga ng mga miyembro ng Simbahan para magbalik ang kanyang espirituwalidad.*

# Mga Tinig ng mga **LDS sa Pilipinas**

## Pasko para sa Iyo At sa Akin

Ni Ma. Teresa Canadalla-Pangilinan


LITRATO PINAGKALOOB NG LDS MEDIA LIBRARY

Mga Pamaskong awitin; greeting card; pagdiriwang at regalo; mas maganda kaysa mga tradisyon at kaugalian, mas malalim ang kahulugan ng Pasko sa bawat miyembro ng ating pamilya.

**PAKINGGAN NATIN ANG SINASABI NG MGA MIYEMBRO TUNGKOL SA PASKO.**

Noong bata pa ako, gustung-gusto ko ang Kapaskuhan dahil lahat ay masaya. Panahon ito na gustong maging masaya ng mga tao at makipagbati sa mga kaaway. At panahon ito ng pagbibigay at pagtanggap ng mga regalo.



**Mia Felyn V.**
Catarman Philippines Stake

Bilang isang ama, ang Kapaskuhan ay panahon upang ipagdiwang ang walang-katumbas na regalo ng ating Panginoon at Tagapagligtas na si Jesucristo. Espesyal ang Pasko dahil pagkakataon ito para maituro sa aking pamilya ang tunay na kahulugan ng diwa ng Pasko. Ang pagdiriwang ay hindi lamang pagbibigayan ng regalo o pagkaing nasa mesa natin kundi ang tunay na diwa ng Pasko ay ang dalisay at walang-kundisyong pagmamahal ni Cristo sa atin, sa ating pamilya at sa lahat.



**Nino Gilberto M. Materdo**
Makati Philippines Stake

Bilang magiging full-time missionary, ipinapaalala ng Pasko sa akin ang Tagapagligtas na si Jesucristo. Naaalala ko Siya at ang Kanyang ebanghelyo. Ang Pasko at ang gawaing misyonero ay parehong espesyal sa akin dahil tungkol ito sa ating Tagapagligtas at Manunubos, ang ating Panginoong Jesucristo. Lahat ng ito ay tungkol sa Kanya—sa Kanyang sakripisyo at pagmamahal.



**Abby M. Melosantos**
Gapan Philippines Stake

Ito ay espesyal na panahon ng taon para sa akin kung kailan nagdiriwang ang mga tao at inaalala ang simbolo ng walang-kundisyong pagmamahal sa atin ng Ama sa Langit sa pagsusugo sa Kanyang Bugtong na Anak sa lupa upang maging ating Tagapagligtas at Manunubos. Ito rin ang simbolo ng pagmamahal ni Cristo para sa ating lahat nang ialay Niya ang Kanyang Sarili at iligtas ang buong sangkatauhan mula sa kanilang mga kasalanan. Mas espesyal pa ang Pasko sa akin kapag nasasaksihan ko kung paano natin minamahal ang Ama sa Langit at si Jesucristo, bilang mga anak ng Diyos, sa pagpapakita ng ating pagmamahal sa ating mga kaibigan at pamilya, at pagbabahagi ng regalo ng pagmamahal ng Diyos sa lahat.



**Myca Michelle L. Lamoglia**
Quezon City Philippines South Stake

Bilang ina, Pasko ang pagkakataon para maituro ko sa aking mga anak ang alituntunin ng pagbibigay. Ikinikintal nito sa isipan ng aking mga anak na si Jesucristo ay isinilang at nabuhay sa lupa upang pagbayaran ang ating mga kasalanan. Espesyal na panahon ito dahil binibigyan tayo ng pagkakataon



LITRATO PINAGKALOOB NG LDS MEDIA LIBRARY

na makasamang muli ang ating mga kamag-anak. Panahon ito ng pasasalamat sa Ama sa Langit sa lahat ng malalaking pagpapalang ipinagkaloob Niya sa aking pamilya.



**Rosalyn S. Jaranta**
Naic Philippines District

Bilang nagbabalik na miyembro, ang Pasko ay nagbibigay sa akin ng pag-asa na ang aking pamilya ay mananatiling matatag at patuloy na magiging aktibo sa Simbahan. Naglalagay kami ng mga bulaklak at dekorasyon sa bahay namin para madama ng aming anak ang kagalakang hatid ng Kapaskuhan. Ngunit higit sa lahat nais kong madama ng aking anak ang tunay na kaligayahang matatagpuan sa tunay na simbahan ni Jesucristo.

**Mark Anthony M. Manaloto**
Balanga Philippines Stake

# Paano Ko Magagawang Mas Makahulugan ang Pasko sa Taong Ito?

Napakagandang panahon nito para sa aming pamilya dahil ipinagdiriwang natin ang pagsilang ng ating Tagapagligtas na si Jesucristo. Sa panahong ito, mas inspirado kaming ibigay ang aming sarili sa iba sa pamamagitan ng pagsagip sa mga kailangang sagipin sa espirituwal, emosyonal at pisikal. Kapwa namin ipinaplanong punuin ang oras na ito ng taon ng paglilingkod sa Panginoon sa aming mga tungkulin sa Simbahan.



**Regim at Temple Joy Daguplo**
Gingoog Philippines District

Plano kong punuin ng pagmamahal ang panahong ito ng Kapaskuhan para sa lahat ng mga anak at apo ko. Bibigyan ko sila ng mga regalo at panalangin para sa kanilang temporal at espirituwal na tagumpay. Pagninilayan ko rin ang Pamaskong mensahe ng Unang Panguluhan para mabigyang-inspirasyon akong sumulong nang may pananampalataya. Mas magsisipag ako sa aking tungkulin sa Relief Society Organization. Plano kong punuin ang Kapaskuhang ito ng mga ngiti at pasasalamat sa Panginoon para sa lahat ng pagpapalang bigay Niya sa akin at sama-sama kaming mananalangin sa Bisperas ng Pasko.



**Isabel B. Juele**
Gingoog Philippines District


LITRATO PINAGKALOOB NG LDS MEDIA LIBRARY

Karaniwan ay naghahanda si Inay ng masarap na hapunan sa Pasko at saka kami nagbabasa ng mga banal na kasulatan tungkol sa pagsilang ni Jesucristo. Ang pag-aaral ng ebanghelyo ay tradisyon na ng pamilya at ginagawa namin iyon tuwing Linggo ng gabi. Pagkatapos ay winawakasan namin ang pag-aaral ng ebanghelyo sa panalangin.



**Bentley Naire Luyong**
Consolacion Philippines Stake

"Magagawa kong mas makahulugan ang Pasko sa pag-uukol ng oras sa piling ng mga mahal ko sa buhay. Napalayo ako sa pamilya nang dalawang Pasko dahil nagmisyon ako. Ang pagbisita sa aking mga lolo't lola, pag-uukol ng oras sa aking mga pamangkin, at pagpapakita ng pagmamahal sa aking mga magulang ay ilan sa mga paraan para maging mas makahulugan ang aking Pasko. Pagkakaloob ng oras ang pinakamagandang regalong maibibigay natin ngayong Kapaskuhan."

**Aika Aquino**
Davao Buhangin Philippines Stake

## Pagsisikap na **Tularan si Jesus**

"Espesyal sa akin ito dahil ipinagdiriwang natin ang pagsilang ng ating Tagapagligtas na si Jesucristo. Tuwing Pasko, nagsasama-sama kami ng pamilya ko para matuto at magsaya. Masaya rin ako dahil tumatanggap ako ng mga regalo tuwing Pasko. Wala tayong Pasko kung wala si Cristo."



**Angela C., 11**, Bacolod Stake


# Nag-iisip ba kayo ng pangregalo sa Pasko?

## Magregalo ng Liahona!

P48.00 lamang sa buong taon: Makukuha sa tatlong wika: English, Tagalog and Cebuano.

Para mag-subscribe bumisita sa http://store.lds.org o kontakin ang inyong priesthood leader.